

Komprehensibong Plano para sa COVID-19 State of Emergency (bahagya)

Abril 20,2020

Gifu Prefecture COVID-19 Response Headquarters

Mga lugar kung saan ang State of Emergency ay dapat ipatupad alinsunod sa State of Emergency Declaration (revised)

Noong Abril 16 (Huwebes), ang mga lugar kung saan dapat ipatupad ang mga State of Emergency Measures batay sa Article 32, paragraph 1 ng Special Measures Law to Counter New Strains of Influenza (mula rito ay tinukoy bilang "Special Measures Law") ay pinalawak sa lahat ng mga prefecture sa pamamagitan ng pagdaragdag ng 40 prefecture, kabilang ang Gifu Prefecture sa 7 na prefecture na itinalaga noong Abril 7.

Kasabay nito, ang Gifu Prefecture ay itinalagang Special Alert Prefecture na nangangailangan ng espesyal na pagsisikap upang maiwasan ang pagkalat ng impeksyon.

- Mga lugar kung saan dapat ipatupad ang State of Emergency Measures :
Buong Gifu Prefecture
- Panahon kung saan dapat ipatupad ang State of Emergency Measures :
Abril 16 ~ Mayo 6, 2020

1 Kahilingan sa Mga Residente ng Prepektura

PIGILAN ANG PAGLABAS Special Measures Law Article 45, paragraph 1

Alinsunod sa Special Measures Law Act 45, paragraph 1, ang mga residente ng prepektura ay pinakikiusapang iwasan ang paglabas maliban kung mahalaga sa pagpapanatili ng kanilang kabuhayan, tulad ng pagbisita sa mga institusyong medikal, bumili ng pagkain, o magtatrabaho.

- **Iwasang lumabas:** 「**STAY HOME**」
- **Iwasan ang Malapitang pag-uusap:** 「**SOCIAL DISTANCING**」

Lubusan magsagawa ng mga pagkilos sa pagsasaalang-alang sa 2 nakasaad sa itaas. Lalo na sa darating na bakasyon nitong Golden Week, pinapaki-usapan na magkaroon ng kontrol at magpigil sa hindi importanteng byahe sa iba pang mga prepektura.

Iwasan ang paglabas, anuman ang araw o oras, maliban lang kung talagang kinakailangan upang mapanatili ang inyong kabuhayan, tulad ng pagpunta sa mga institusyong medikal, pumasok sa trabaho, at kumuha ng pagkain, parmasyutiko, at mga bagay na kinakailangan upang mapanatili ang inyong buhay.

Magsuot ng mask kapag lumabas upang maprotektahan ang sarili at ang iba mula sa impeksyon.

Maghugas ng mga kamay pagkatapos humawak ng mga bagay na maaaring maraming tao na ang humawak, tulad ng mga handrail, doorknobs, at mga hand straps sa loob ng tren.

Kung posible, manatiling 2 metro ang layo sa ibang tao.

Gumawa ng masinsing pagsisikap upang makaiwas sa 3 C's na nagpapataas ng panganib sa impeksyon: Closed Spaces, Crowded Spaces at Close Contact.

- (anotasyon ng "3C's") Iwasan ang mga lugar na mataas ang peligro sa impeksyon, halimbawa: mga lugar na may serbisyo sa customer, tulad ng mga nightclubs, restawran, at bar, mga pagtitipon-tipon tulad ng choir, mga lugar na nagsasagawa ng aerobic na ehersisyo sa loob, mga sports gyms, karaoke venues, live music venues, dance groups, at table-tennis groups.

Lubusang pigilan ang pagdalo sa mga events kung saan hindi posible na magsagawa ng countermeasures laban sa impeksyon tulad ng paggamit ng mask, tamang bentilasyon, at sanitization, kahit na ang bilang ng mga kalahok ay kaunti lamang.

Sa mga kumpanya, gumawa ng paraan na ang mga empleyado ay magtrabaho mula sa bahay at gumamit ng teleconferencing technologies hangga't maaari, upang mabawasan ang mga empleyadong nagko-commute papunta sa trabaho hangga't maaari.

Panatilihin ang kamalayan at pangalagaang mabuti ang sariling kalusugan sa pagkuha ng temperature. Iwasang lumabas o pumasok sa trabaho kapag masama ang pakiramdam.

Huwag padadala sa mga naririnig na tsismis, mali o hindi malinaw na impormasyon tungkol sa mga taong nahawahan (COVID-19) at sa halip ay gamitin ang mga opisyal na komunikasyon mula sa Gifu Prefecture at call centers.

2 Compliance Request sa mga Business Owners

Hinihiling na makipagtulungan sa pamamagitan ng paglilimita o pagsuspinde sa paggamit ng mga pasilidad at pagdaraos ng mga event

Special Measures Law Article 24 Paragraph 9

Alinsunod sa Special Measures Law Article 24 paragraph 9, na may kinalaman sa mga events, parties atbp. sa loob man o sa labas ng bahay, kung saan maraming tao ang dadalo (sasali) sa masikip na kondisyon, ang mga tagapamahala ay hinihiling na suspindihin ang paggamit ng pasilidad

o kanselahin ang event.

Ang mga pasilidad na hindi saklaw ng deskripsyong ito ay hinihilingang makipagtulungan sa pamamagitan ng pagsuspende sa paggamit ng mga pasilidad.

【 (Overview ng Kahilingan upang suspindihin ang mga Operasyon)

- Panahon ng Kahilingan : Abril 18 (Sabado) ~ Mayo 6 (Miyerkoles)
- Mga lugar na sakop sa ilalim ng kahilingan : buong Gifu Prefecture
- Nilalaman ng Pagpapatupad : Tingnan ang hiwalay na sheet “Listahan ng mga Establishments hinihiling na suspindihin ang mga operasyon”

① Hinihilingang mga establishment na suspindihin ang mga operasyon:

1) Hinihilingan ang mga Establishments na suspindihin ang mga operasyon anuman ang total floor area

Amusement establishments, exercise establishments, sinehan, meeting at exhibition halls, pasilidad ng edukasyon, childcare atbp.

2) Hinihilingang suspindihin ang paggamit ng pasilidad at paggagawa ng events sa mga pasilidad na may total floor area na higit sa 1,000 m²

Universities at tutoring schools atbp., museums atbp., hotels at ryokan, komersyal na pasilidad

② Ang mga establishments na hindi sakop ng Special Measures Law ay hiniling na makipagtulungan

Establishments na may total floor area na 1,000 m² pababa

Universities at tutoring schools atbp., museums atbp., hotels at ryokan, komersyal na pasilidad

③ Establishments na hindi hinihilingan na suspindihin ang operasyon

1) Social welfare facilities atbp.

2) Mga facilities na kinakailangan upang mapanatili ang pang-araw-araw na buhay